PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakuna sa Rotavirus

Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang rotavirus ay isang virus na nagiging sanhi ng pagtatae, karamihan ay sa mga sanggol at maliliit na bata. Ang pagtatae ay maaaring maging matindi, at humantong sa dehydration. Ang pagsusuka at lagnat ay karaniwan din sa mga sanggol na may rotavirus.

Bago ang bakuna sa rotavirus, ang sakit na rotavirus ay isang pangkaraniwan at malubhang problema sa kalusugan para sa mga bata sa United States. Halos lahat ng mga bata sa United States ay nagkaroon nang hindi bababa sa isang rotavirus na impeksyon bago ang kanilang ika-5 kaarawan.

Bawat taon bago nagkaroon ng bakuna ay:

- higit sa 400,000 bata ang kinailangang pumunta sa isang doktor para sa sakit na dulot ng rotavirus,
- higit sa 200,000 ay kinailangang pumunta sa silid pang-emerhensiya,
- 55,000 hanggang 70,000 ang kailangang maospital, at
- 20 hanggang 60 ang namatay.

Mula nang ipakilala ang bakuna sa rotavirus, malaki ang ibinaba ng mga pagpapa-ospital at mga pang-emerhensiyang pagbisita para sa rotavirus.

2 Bakuna sa rotavirus

Dalawang tatak ng bakuna sa rotavirus ang magagamit. Ang iyong sanggol ay makakakuha ng alinman sa 2 o 3 dosis, depende sa kung aling bakuna ang gagamitin.

Inirerekomenda ang mga dosis sa mga edad na ito:

- Unang Dosis: 2 buwan ang edad
- Ikalawang Dosis: 4 na buwan ang edad
- Ikatlong Dosis: 6 na buwan ang edad (kung kinakailangan)

Dapat makuha ng iyong anak ang unang dosis ng bakuna sa rotavirus bago ang 15 linggo na edad, at ang huli ay sa edad na 8 buwan. Ang bakuna sa rotavirus ay maaaring ibigay nang kasabay sa iba pang mga bakuna.

Halos lahat ng mga sanggol na nakakakuha ng bakuna sa rotavirus ay protektado mula sa matinding pagtatae sa rotavirus. At karamihan sa mga sanggol ay hindi man lang magkakaroon ng anumang pagtatae sa rotavirus.

Hindi mapipigilan ng bakuna ang pagtatae o pagsusuka na sanhi ng ibang mga mikrobyo.

Ang isa pang virus na tinatawag na porcine circovirus (o mga bahagi nito) ay matatagpuan sa parehong mga bakuna sa rotavirus. Ito ay hindi isang virus na nakakahawa sa mga tao, at walang napag-aalamang panganib sa kaligtasan. Para sa dagdag pang impormasyon, tingnan ang **http://wayback.archive-it.org/7993/20170406124518/https:/www.fda.gov/BiologicsBloodVaccines/Vaccines/ApprovedProducts/ucm212140.htm**

3 Ang ilang mga sanggol ay hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

Ang isang sanggol na nagkaroon ng isang allergic na reaksiyon na naging banta sa buhay sa isang dosis ng bakuna sa rotavirus ay hindi dapat na makatanggap ng isa pang dosis. Ang isang sanggol na may isang matinding allergy sa anumang bahagi ng bakuna sa rotavirus ay hindi dapat tumanggap ng bakuna. *Ipaalam sa iyong doktor kung ang iyong sanggol ay may anumang mga matitinding allergy na alam mo, kabilang ang isang matinding allergy sa latex.*

Ang mga sanggol na may “severe combined immunodeficiency" (SCID o matinding pinagsamang immunodeficiency) ay hindi dapat makakuha ng bakuna sa rotavirus.

Ang mga sanggol na nagkaroon na nang isang uri ng pagbabara ng bituka na tinatawag na "intussusception" ay hindi dapat makakuha ng bakuna sa rotavirus.

Ang mga sanggol na may banayad na sakit ay maaaring makakuha ng bakuna. Ang mga sanggol na may katamtaman o matinding sakit ay dapat na maghintay hanggang sa gumaling sila. Kabilang dito ang mga sanggol na may katamtaman o matinding pagtatae o pagsusuka.

Kumunsulta sa iyong doktor kung ang immune system ng iyong sanggol ay nanghina dahil sa:

- HIV/AIDS, o anumang iba pang sakit na nakakaapekto sa immune system
- paggamot ng mga gamot na katulad ng mga steroid
- kanser, o paggamot ng kanser gamit ang mga x-ray o gamot

4 Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

Sa isang bakuna, tulad ng anumang gamot, mayroong tsansa ng mga side effect. Ang mga ito ay karaniwang banayad at kusang nawawala. Ang mga malulubhang side effect ay posible rin ngunit bihira.

Karamihan sa mga sanggol na nakakakuha ng bakuna sa rotavirus ay hindi magkakaroon ng anumang mga problema sa mga ito. Ngunit ang ilang mga problema ay naiugnay sa bakuna sa rotavirus:

Banayad na mga problema pagkatapos ng bakuna sa rotavirus:

- Ang mga sanggol ay maaaring maging iritable, o magkaroon ng banayad na pansamantalang pagtatae o pagsusuka matapos na mabigyan ng isang dosis ng bakuna sa rotavirus.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

Mga malubhang problema kasunod ng bakuna sa rotavirus:

- Ang intussusception ay isang uri ng pagbabara ng bituka na ginagamot sa isang ospital, at maaaring mangailangan ng pag-oopera. Ito ay "natural" na pangyayari sa ilang mga sanggol sa bawat taon sa United States, at karaniwang walang nalalamang dahilan para dito.

  Mayroon ding isang maliit na panganib ng intussusception mula sa bakuna sa rotavirus, na karaniwan ay sa loob ng isang linggo matapos ang una o ika-2 dosis ng bakuna. Ang karagdagang panganib na ito ay tinatayang sumasaklaw nang mula sa humigit-kumulang 1 sa 20,000 hanggang sa 1 sa 100,000 sanggol sa US na nakakakuha ng bakuna sa rotavirus. Ang iyong doktor ay makapagbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon.

Mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang pagbakuna:

- Ang anumang gamot ay maaaring maging sanhi ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay napakabihira, na tinatayang mas kaunti kaysa sa 1 sa isang milyong dosis, at karaniwan ay nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkaraan ng pagbakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong isang napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa: **www.cdc.gov/vaccinesafety/**

5 Paano kung may isang malubhang problema?

Ano ang dapat kong hanapin?

Para sa **intussusception**, maghanap ng mga palatandaan ng pananakit sa tiyan kasama ang matinding pag-iyak. Habang maaga pa, ang mga yugtong ito ay maaaring tumagal lamang nang ilang minuto at dumadating at nawawala nang ilang beses sa isang araw. Maaaring hilahin ng mga sanggol ang kanilang mga binti nang aabot sa kanilang dibdib.

Ang iyong sanggol ay maaari ring sumuka nang ilang beses o magkaroon ng dugo sa dumi, o maaaring magmukhang mahina o masyadong iritable. Ang mga palatandaan na ito ay karaniwang nangyayari sa loob ng unang linggo pagkatapos ng una o ika-2 dosis ng bakuna sa rotavirus, ngunit bantayan ang mga ito anumang oras matapos ang pagbabakuna.

Magbantay para sa anumang iba pang bagay na ikakabahala mo, tulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

Ang mga palatandaan ng isang **matinding allergic na reaksiyon** ay maaaring kabibilangan ng mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, o di-pangkaraniwang pagka-antok. Nagsisimula ito kadalasan nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

Kung sa iyong tingin ito ay **intussusception**, tumawag kaagad sa isang doktor. Kung hindi mo maabot ang iyong doktor, dalhin ang iyong sanggol sa isang ospital. Sabihin sa kanila kung kailan nakuha ng iyong sanggol ang bakuna sa rotavirus.

Kung sa iyong palagay na isa itong **matinding allergic na reaksiyon** o iba pang emerhensiya na hindi makakahintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang iyong sanggol sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi, tawagan ang iyong doktor.

Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa ang "Vaccine Adverse Event Reporting System" (VAERS). Maaaring isumite ng iyong doktor ang ulat na ito, o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov**, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

6 Ang National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang pederal na programa na nilikha upang bayaran ang mga taong maaaring napinsala ng mga partikular na bakuna.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng isang bakuna ay maaaring may matutunan tungkol sa programa at tungkol sa pagsampa ng hiling na bayaran sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation**. May limitasyon sa panahon ang paghain ng hiling para sa kabayaran.

7 Paano ako maaaring karagdagan pang matuto?

- Tanungin ang iyong doktor. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan. 1-888-767-4687
- Kontakin ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bumisita sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**

Upang pabintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medical ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng paplaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpaphusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impromasyon so Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medical.

Vaccine Information Statement

Rotavirus Vaccine

02/23/2018 Tagalog

Office Use Only

42 U.S.C. § 300aa-26

DCH-0577T AUTH: P. H. S., Act 42, Sect. 2126.
Translation provided by the Immunization Action Coalition